

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Tinig sa Ilang

Mateo 3:1-12

Ang Kasaysayan...

Sinabi ni Jesus, “Sa gitna ng mga ipinanganak ng mga babae ay walang lumitaw na isang dakila kaysa kay Juan Bautista.” Mateo 11:11. Ano ang nalalaman natin sa nag-iisang lalaking ito na tinawag ni Jesus na pinakadakila sa mga propeta? Nang magsimula si Juan ng pangangaral sa ilang ng Judea ay maraming tao ang dumating mula sa milya-milyang nasa palibot upang pakinggan ang makapangyarihan, walang takot at abang tagapagbalita. Sa kapuna-punang pagkakaiba sa mga relihiyosong lider ng kapanahunan, ang kanyang buhay ay kinabakasan ng kabanalan at kasimplihan. Habang ang mga saserdote ay nakasuot ng mga maluhong damit, si Juan ay nakasuot ng isang kasuotang yari sa balahibo ng kamelyo na may

sinturong balat. Habang sila’y nagpipista, si Juan ay nag-aayuno o kumakain ng balang at pulot pukyutan.

Tumanggi siyang uminom ng anumang alak o matapang na inumin, upang siya’y mapuno ng Espiritu ng Dios (Lucas 1:15). Sa halip ng mga magarang sinagoga ay pinili ni Juan ang mga ilog at mabatong lambak na kanyang katedral para sa pangangaral. Hindi nagtagal at nagtatanong ang mga tao, “Si Elias ba ang lalaking ito?”

Nakadamit si Juan nang tulad sa propeta ng Matandang Tipan, subali’t hindi siya ang nabuhay na si Elias. Ipinaliwanag ng Anghel Gabriel sa kanyang mga magulang bago siya ipanganak, na lalakad siya na may Espiritu o kapangyarihan ni Elias (ang katagang Griego sa Elijah) upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda.” Lucas 1:17.

Ang susi sa ministryo ni Juan ay magkakaroon siya ng katulad na kapangyarihan ng Espiritu Santo tulad ni Elias upang magkaroon ng isang pagpapanibagong-sigla

sa bayan ng Dios. Ang tangi niyang gawain ay ipangaral ang pagsisisi sa kasalanan at ihanda ang mga tao para sa unang pagparito ni Jesus.

Sinasabi ng Biblia na magkakaroon ng isang buong hukbo ng mga Elias at Juan Bautista sa mga huling araw upang gumawa ng katulad na gawain ng paghahanda ng sanlibutan para sa ikalawang pagparito ni Jesus. “Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon.” Malakias 4:5 (Tingnan din ang Joel 2:28-31).



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Ano ang isang lihim ng buhay ni Juan na puno ng Espiritu?

Lucas 3:16 *At sumagot si Juan ... katotohanang binabautismuhan ko kayo sa tubig, datapuwa't dumarating ang lalong makapangyarihan sa akin, ako'y _____ magkalag ng panali ng kanyang panyapak.*
Juan 3:30 *Siya'y kinakailangang dumakila, ngunit ako'y kinakailangang _____.*

PALIWANAG: Ang buhay ni Juan Bautista na puno ng Espiritu ay kinabakasan ng kakaiba niyang kapakumbabaan. May tuwirang kaugnayan ang makapangyarihang ministeryo ni Juan at ang ganap na pagsukong ginawa niya sa Panginoon. Pinakamalaking kagalakan ni Juan na ituro ang iba kay Jesus sa halip na sa kanyang sarili. Ang lahat ng ito ay pinanukala niya upang bigyang kaluwalhatian ang pangalan ng Dios.

2. Binasa ba ni Juan ang mga kasulatan?

Juan 1:23 *Sinabi niya, Ako ang _____ ng isang sumisigaw sa ilang. Tuwirin ninyo ang daan ng Panginoon gaya ng sinabi ng _____ Esaias (ang Griegong-kataga para sa "Isaiah").*

PALIWANAG: Opo! Sumipi si Juan mula sa Matandang Tipan bilang patunay ng kanyang matatag na pagkaunawa sa Kasulatan. Sinasabi rin sa atin ng Biblia na tinuruan ni Juan ang kanyang mga alagad na mag-ayuno at manalanging palagi (Mat. 9:14). Ito'y isa pang patotoo ng kanyang malalim na pag-ibig sa Panginoon. Sa katulad ding paraan, sa pamamagitan ng ating personal na debosyon at pag-aaral ng Biblia ay maaari nating malaman at ibigin ang Dios at tumanggap ng Kanyang Espiritu.

3. May kusang-loob ba si Juan Bautista na sumaksi para kay Jesus?

Juan 1:29 *Nang kinabukasan _____ si Jesus na lumapit sa kanya at sinabi _____ ang Cordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.*

PALIWANAG: Likas kay Juan ang mag-isa (Lucas 1:80) Subali't handa siyang pagtawanan at kahit ibigay ang kanyang buhay upang maituro sa mga tao si Jesus bilang tagapagligtas ng sanlibutan. Sa katulad ding paraan, ang mga tunay na umiibig sa Panginoon ngayon ay nakahandang ipagwalang bahala ang takot at kaalwanan upang makasaksi para kay Jesus.

4. Ang matapat bang pangangaral ni Juan ay laganap sa mga politikal at relihiyosong lider?

Lucas 7:30 *Datapuwa't _____ ng mga Fariseo at ng mga tagapagtanggol ng kautusan sa kanilang sarili ang payo ng Diyos at hindi nagpabautismo sa kanya.*

Lucas 3:19,20 *Datapuwa't si Herodes na tetrarka, palibhasa'y _____ niya, ... sa lahat ng masasamang bagay na ginawa ni Herodes ay kinulong si Juan sa _____.*

PALIWANAG: May katapangang nagsalita si Juan laban sa mga laganap na mga kasalanan na kinahuhumalingan maging ng mga pinuno ng relihiyon. Ang huling pabalita ng Dios sa pagsisisi at kabanalan ay magiging hindi tanyag sa karamihan ng mga iginagalang na lider ng politika at ng iglesya ngunit ito'y biblikal.



5. Sinisikap bang pigilin ng Biblia ang pagsusuot ng alahas at magarang kasuotan?

I Tim. 2:9 *Gayon din naman na ang mga babae (at mga lalake) ay magsigayak ng _____ damit, hindi ng mahahalagang hiyas ng buhok at _____ perlas o damit na mahalaga.*

I Pedro 3:3 *Na _____ paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok at _____ na ginto o pagbibihis ng maringal na damit; kundi ang pagkataong natatago sa puso ... ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios.*

Isa. 3:18-21 *Sa araw na yaon ay aalisin ng Panginoon ang kagayakan ng _____ ng paa at ang mga _____ at ang mga lambong na pangmukha, ang mga laso ng buhok at ng kwintas sa bukong-bukong at mga pamigkis, at mga sisidlan ng pabango at _____ at mga hiyas na pang-ilong.*

PALIWANAG: Opo! Si Juan Bautista ay nakasuot ng simple at mahinhing kasuotan, isang magandang halimbawang dapat sundin ng mga kristiyano. Ang nakakaakit na kagayakan ngayon ay lumilikha ng tukso. Hindi layunin ng Dios na tayo'y magsuot ng sako, subali't ang mamahalin, marangya at maringal na kasuotan ay hindi dapat maging bahagi ng kasuotan ng mga kristiyano. Bagaman ang pagsusuot ng alahas ay tinataggap sa sanlibutan, ito'y may isang negatibong larawan sa kasulatan. Maaaring hindi ninyo makilala ang lahat na binabanggi't sa Isaías 3:18-23, subali't kilala ito ng mga tao sa ibang bahagi ng sanlibutan. Maraming mga palamuti ng mga pagano ang nakikita rin sa Kanluraning kultura.

6. May kaugnayan ba ang buhay ni Juan na puno ng espiritu at ang kanyang simpleng pagkain?

Lucas 1:15 *Sapagka't siya'y hindi iinom ng _____ ni matapang na inumin at siya'y mapupuspos ng _____.*

PALIWANAG: Ang mga kristiyano ay dapat na lubusang umiwas sa lahat ng pinaasim na inumin upang mapanatiling maliwanag ang kanilang isipan at marinig ang espiritu ng Dios (Kaw. 23:31,32; Hab. 2:15; I Ped. 5:8).

7. Bakit may malasakit ang Dios sa ating kinakain at iniinom?

Hukom 13:7 *Narito, ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki; at ngayo'y huwag kang iinom ng alak o ng inuming nakalalasing at huwag kang kumain ng anumang _____ sapagka't ang bata'y magiging Nazareno sa Dios mula sa sinapupunan hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.*

I Cor. 6:19 *Hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong _____ ay _____ ng Espiritu Santo na nasa inyo na tinaggap ninyo sa Dios?*

PALIWANAG: May tuwirang ugnayan ang ating kinakain at iniinom at ang ating maliwanag na kaisipan, kakayahang labanan ang tukso at kakayahang makilala ang tama at mali. Ang lahat na ginagawa ng isang Kristiyano kabilang ang kanyang kinakain at iniinom ay dapat sa kaluluwalhati ng Dios (I Cor. 10:31).

8. Ano ang sinasabi ng Biblia sa makasanlibutang pag-uugali?

Sant. 4:4 *Sinoman ngang mag-ibig na maging _____ ng sanlibutan ay _____ ng Dios.*

II Cor. 6:17 *Magsialis kayo sa kanila at _____ kayo sabi ng Panginoon at huwag kayong magsihipo ng mga bagay na marumi at kayo'y Aking tatanggapin.*





I Juan 2:15 *Kung ang sinoman ay umiibig sa _____ ang pag-ibig ng Ama ay _____ sa kanya.*

Roma 12:2 *Huwag kayong magsiayon sa _____ ito; kundi mag-iba kayo sa pamamagitan _____ ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaaya-aya at lubos na kalooban ng Dios.*

PALIWANAG: Tinatawagan ng Panginoon ang Kanyang bayan ngayon na mamuhay ng huwaring buhay habang tinutulungan nila ang iba na maghanda para sa ikalawang pagparito ni Jesus.

9. Ano ang dapat piliing isipan ng isang Kristiyano?

Fil. 4:8 *Anumang bagay na _____ anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na _____, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kaibig-ibig, anumang bagay na mabuting ulat, kung may anumang _____ at kung may anumang kapurihan ay isipin ninyo ang mga bagay na ito.*

Awit 101:3 *Hindi ako _____ ng hamak na bagay sa harap ng aking mga _____.*

PALIWANAG: Iniutos ni Juan Bautista sa mga tao na iwasan ang lahat ng karahasan (Luc. 3:14) Para sa atin, kabilang dito ang panunuod ng karahasan sa anyo ng paglilibang. Itinuturo ni Jesus na ang mga kasalanang sekswal at karahasan ay buhat sa mga isipan at pakikitungo (Mat. 5:22,28). Kaya ang isang Kristiyano ay dapat iwasan ang anumang programa sa TV, video at babasahin na magmumungkahi ng hindi dalisay na isipan.

10. Anong uri ng musika ang kasisiyahan ng isang tunay na Kristiyano?

Awit 40:3 *Siya'y naglagay ng _____ sa aking bibig, sa makatuwid baga'y pagpupuri sa aming Dios.*

I Sam. 16:23 *At nangyari pagka ang masamang espiritu na mula sa Dios ay sumasa kay Saul, na kinukuha ni David ang _____ at tinugtog ng kanyang kamay; gayon _____ si Saul at bumubuti at ang masamang espiritu ay nahihiwalay sa kanya.*

PALIWANAG: Ang karamihan sa tanyag na musika sa sanlibutan ay hindi nakatutulong sa ating espirtual na kalagayan. Sa halip, inaalís nito ang ating pagnanais sa mga makalangit na bagay at malimit pinalalakas ang ating mababang likas. Subali't ang musika ay may malaking kapangyarihan para sa kabutihan. Nang si haring Saul ay pinahihirapan ng masamang espiritu, ang nakaaaliw na musika mula sa alpa ni David ay nagpapanariwa sa kanya at itinatagay ang masamang impluwensya.

11. Ang pagsasayaw ba ay mabuting libangan para sa isang Kristiyano?

I Juan 2:6 *Ang nagsasabing siya'y nananahan sa Kanya ay nararapat din namang _____ na-gaya ng inilakad _____.*

Tito 2:12 *Na nagtuturo sa atin upang, pagtanggì natin sa mga kahalayan ng _____ ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at _____ sa panahong kasalukuyan ng sanlibutang ito.*



PALIWANAG: Ang karamihan sa popular na sayaw sa kasalukuyan ay kaugnay ng makasanlibutang musika at nagbubunga ng matinding pagnanasa. Sa halos anumang kalagayan ay dapat nating itanong, “Ano ang gagawin ni Jesus? Iniisip kong tayong lahat ay sasang-ayong hindi iiwan ng ating Tagapagligtas ang Kanyang isipan upang umindak ang kanyang katawan at mga paa sa saliw ng mabilis na tugtugin.

12. Ang isang Kristiyano ba ay maglalaro ng loterya o magsusugal?

1 Tim. 6:10 *Sapagka't ang _____ sa _____ ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan, na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya at tinuhog ang kanilang sarili sa maraming _____.*

2 Tes. 3:10 *Na aming iniutos ito sa inyo, kung ang sinoman ay ayaw _____ ay huwag din namang kumain.*

Kaw. 28:20 *Ang tapat na tao ay _____ nguni't siyang _____ ay walang salang parurusahan.*

PALIWANAG: Ang pagsusugal ay nakasusugapa tulad din ng maraming droga. Ang ilan ay nilustay ang buong inipon ng pamilya sa mga casino at sa “state lottery.” Ang karamihan sa mga paraan ng “madaling pagyaman” ay kaugnay ng hindi tamang pakikipagsapalaran, hindi makatarungang halaga at kahinahinalang tuntuntunin ng moralidad.

13. Ano ang dapat maging layunin ng bayan ng Dios ngayon?

I Juan 3:22 _____ ang Kanyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na _____ sa Kanyang paningin.

Eccl. 12:13 *Matakot ka sa Dios at sundin mo ang kanyang mga utos, sapagka't ito ang buong _____ ng tao.*

PALIWANAG: Ang isang tao ay hindi maaaring mabuhay sa anumang paraang nais niya at sa wakas ay maliligtas sa kaharian ng Dios. Ito ang isang dahilan kung bakit naparito si Jesus sa lupa—upang bigyan tayo ng halimbawa ng banal na pamumuhay (I Pedro 2:21).

14. Paano magiging madali na sundin ang Dios sa pamamaraan ng pamumuhay na tinalakay sa leksyong ito?

Juan 14:15 *Kung ako'y _____ ay tutuparin ninyo ang Aking mga utos.*

I Juan 5:3 *Sapagka't ito ang pag-ibig sa Dios, na ating tuparin ang kanyang mga utos at ang kanyang _____ ay hindi _____.*

Awit 40:8 *Aking kinalulugdan sundin ang iyong kalooban, O Dios ko. Oo ang iyong _____ ay nasa loob ng aking _____.*

15. Bakit isang mataas na gawain ang buhay Kristiyano?

1 Ped.2:9 *Datapwa't kayo'y isang lahing _____, isang makaharing pagka-saserdote, bansang _____ bayang pagaaring sarili ng Dios upang inyong _____ ang mga karangalan niyaong tumatawag sa inyo mula sa kadiliman hanggang sa kanyang kagilagilalas na kaliwanagan.*





PALIWANAG: Bilang mga embahador para kay Jesus, ang mga kristiyano ay tunay na may isang mataas na gawain. Si Juan Bautista ay tumulong sa mga taong maghanda sa unang pagparito ni Jesus at tinatawagan ng Dios ang kanyang bayan ngayon na mamuhay ng banal na buhay habang tinutulungan nila ang iba sa paghahanda sa ikalawang pagparito ni Jesus. Nagkukusa ka bang maging isang kakaibang “Tinig Sa Ilang” at sumaksi sa pamamagitan ng isang banal na paraan ng pamumuhay upang ihanda ang iba para sa ikalawang pagparito ni Jesus.

Ang Iyong Tugon

Nagkukusa ka bang maging isang kakaibang “Tinig sa Ilang” at sumaksi sa pamamagitan ng isang banal na paraan ng pamumuhay upang ihanda ang iba para sa ikalawang pagparito ni Jesus.

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Mga Kinatawan ni Kristo

Kapag ang isang tao ay naging Kristiyano, siya ay kinikilala bilang kinatawan mula sa mabuting kaharian. Ang sabi ng Bibliya, “Ngayon nga tayo ay mga kinatawan ni Kristo.” 2 Kor. 5:20

Ang talatinigan ay nagpapahayag na ang kinatawan ay “opisyal na may pinakamataas na tungkuling ibinigay at tinanggap bilang kinatawan ng isang pamahalaan na namamalagi sa madaling panahon lamang.

Ang kinatawan (ambassador) ay mahalaga sa larangang espiritwal at politikal. Ang mga mamamayan ng kaharian ng Langit ay hindi katulad ng mamamayan ng sanlibutan. Tayo ay narito sa sanlibutan upang ipakilala kung sino si Jesus. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay magiging kinatawan Niya—makita ang larawan Niya sa atin habang tayo ay nagsasalita at gumagawa; gayundin sa paraan ng pagkain at pananamit. Sa madaling salita, kapag tayo ay naging bahagi ng espiritual na kaharian ng Dios, tayo ay dapat nagpapahayag ng pamahalaan na ating kinabibilangan. Sa 2 Korinto 3:18, ang Biblia ay nagsasabing “tayong lahat ... ay nababago sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian na gaya ng Espiritung mula sa Panginoon.”

Tayo, ang Iglesia, ang mga kamay at paa, ang mata at bibig, at oo, maging ang mga tainga ni Jesus sa sanlibutang ito ngayon. Tayo ang katawan ni Kristo (Efe. 1:22, 23; 5:29, 30; Col. 1:18). Bago siya umakyat sa langit, sinabi sa atin ni Jesus, “kung paano ang pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo.” Juan 20:21.

Bawat yugto ng ating buhay ay nararapat na maging larawan ng buhay at katauhan ni Jesus. “Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit” Mat. 5:16.

